# Ipinapaalam sa Dayuhan ang tungkol sa Pagbabakuna ng Corana19 Vaccine

Ang pagbabakuna ay ang pinakamahalagang paraan para maiwasan ang malubahang sakit at kamatayan. Mangyaring maki-lahok sa pagbabakuna para sa iyong kalusugan at para sa iyong pamilya.

## Ang Makatanggap ng Bakuna

① **Mga Bata (Edad 5-11 y/o): Isa at Dalawang dosis**

② **Mga Kabataan (Edad 12-17 y/o): Isa hanggang tatlong dosis**

③ **Nasa hustong gulang (Edad 18 y/o pataas): Isa hanggang Apat na dosis***

** Ang ika-4 na dosis ay para sa mga may edad na 50 y/o pataas na nakakumpleto ang ika tatlong bakuna at 18 y.o pataas na may pinagbabatayan na sakit, sa mga may mahinang immune, sa mga naospital, na-admit o sa mga manggagawa sa isang pasilidad na malapit. sa impeksyon.

## Mga Uri ng Bakuna

① Edad 5~11 y/o : **Pediatric Pfizer**
② Edad 12~17 y/o : **Pfizer**
③ Edad 18 y/o pataas : **Pfizer, Moderna*, Janssen**, Novavax**

* Inirerekomenda ang Moderna para sa edad na 30 y/o pataas

** Ang bakuna na Janssen ay maari lamang ibigay sa mga espesyal na kaso

## Pagitan ng Pagbabakuna

① **Una at Pangalawang Dosis**
- Pediatric Pfizer, Pfizer, Moderna 8weeks
- Novavax 3 linggo

② **Ika-3 Dosis: 3 buwan pagkatapos ng ika-2 dosis**
*Janssen 2 buwan pagkatapos ng unang dosis

③ **Ika-4 na Dosis: 4 na buwan pagkatapos** ng ika-3 dosis
*Janssen 4 na buwan pagkatapos ng pangalawang dosis

## Pamamaraan ng Pagbabakuna

① Mga Rehistradong Dayuhan : Pagpapareserba sa online, pagpapareserba sa telepono, o di kaya magpabakuna sa parehong araw

② Mga Hindi Rehistradong Dayuhan: pagkatapos makakuha ng pansamantalang numero ng pamamahala sa pampublikong sentro ng kalusugan, magpareserba sa pamamagitan ng telepono o bumisita sa institusyong medikal ng pagbabakuna

③ Mga dayuhan na nakakumpleto ang mga pangunahing pagbabakuna sa ibang bansa : Magpareserba pagkatapos mairehistro ang kasaysayan ng pagbabakuna sa ibang bansa sa pampublikong sentro ng kalusugan

## ※ Iba pang mga Patnubay

○**Sa kaso ng mga bata at kabataan,** kinakailangang samahan ng isang **tagapag-alaga o legal na kinatawan** para sa kaligtasan at pagsubaybay sa pagbabakuna.

○ Online reservation site: https://ncvr.kdca.go.kr

○ Pagpapareserba sa pamamagitan ng telepono: KCDC call center (☎1339) o pagpapareserba sa call center ng lokal na pamahalaan

○ Parehong araw ng bakuna: Pagkatapos magparehistro sa preliminary list ng institusyong medikal (pagkumpirma sa pamamagitan ng telepono), pagbabakuna sa parehong araw.